




SFMRA

YOUR ACCOUNT FOR HEALTH COSTS



Paano Gamitin ang Iyong Account ng Medikal na Pag-reimburse ng San Francisco (SF MRA)

Tutulungan ka ng guidebook na ito na maunawaan at masulit ang iyong benepisyong pangkalusugan na SF MRA.



Ang SF MRA Gabay na Aklat Mo

Sa mga pahinang ito, makakakita ka ng mahalagang impormasyon tungkol sa iyong San Francisco Medical Reimbursement Account (SF MRA). Malalaman mo kung paano i-set up at gamitin ang iyong online account at kung paano maibabalik ang perang ibinayad para sa mga kwalipikadong gastos sa kalusugan. Malalaman mo rin ang napakaraming serbisyo at produktong medikal na sinasaklaw sa ilalim ng iyong benepisyo, at kung makikipag-ugnayan para sa tulong.

Para sa mga pinakabagong update sa mga resource at balita sa SF MRA, i-follow kami sa social media.


 @sfcityoption

 @sanfranciscocityoption

Mga Nilalaman

Alamin ang Iyong Benepisyo	1-2
Paano Nakatutulong sa Iyo ang Mga Pondo sa SF MRA Mo	3-4
Paano Gumagana ang SF MRA	5-6
Pag-access ng iyong Mga Pondo sa SF MRA	7-8
Pag-reimburse	9-10
Mga Kwalipikadong Gastusin para sa Pag-reimburse.....	11-14
Mga Madalas na Itanong.....	15-18
Ano Pa ang Dapat Malaman Tungkol sa SF MRA.....	19-21
Kailan dapat tumawag sa HealthEquity/EZ Receipts	22
Kailan dapat makipag-ugnayan sa SF City Option	23-24
Mga Madudulugan at Importanteng Kontak	Pabalat sa Likod





Alamin ang Iyong Benepisyo

Bakit Umiiral ang Programa

Inaatasan ng mga batas ng San Francisco ang ilang partikular na employer na magbigay ng mga benepisyong pangkalusugan para sa mga kwalipikadong manggagawa. Para makasunod sa batas, nagdeposito ang iyong dati o kasalukuyang employer sa SF City Option para sa iyo.

Ang SF City Option ay isang programa ng pangangalagang pangkalusugan na sinimulan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang San Francisco Medical Reimbursement Account (SF MRA) ay ang benepisyong ibinigay sa iyo sa programang SF City Option. Ang San Francisco Department of Public Health ang nangangasiwa sa benepisyong SF MRA.



Matuto Pa Tungkol sa Mga Lokal na Batas



Ordinansang Panseguridad
sa Pangangalagang
Pangkalusugan:
sf.gov/information/health-care-security-ordinance



Ordinansa sa Malusog
na Paliparan:
sf.gov/information/healthy-airport-ordinance



Ang layunin ng benepisyong SF MRA ay tulungan ang mga manggagawa sa San Francisco na maging malusog at manatiling malusog.

Paano Nakatutulong sa Iyo ang Mga Pondo sa SF MRA Mo

Puwedeng maging mahal ang mga pagpapatingin sa doktor, serbisyong pangkalusugan, at produkto para sa wellness. Sa tulong ng mga pondo sa iyong SF MRA, maibabalik sa iyo ang perang ibinayad mo para sa napakaraming gastos sa kalusugan at wellness. Ang mga pondo sa iyong SF MRA ay galing sa iyong dati o kasalukuyang employer. Pag-aari mo ang mga pondong ito kahit na mayroon kang iba pang insurance sa kalusugan, nagpalit ka ng trabaho, o umalis ka sa estado o bansa.

Maaaring gamitin ang mga pondo sa iyong SF MRA para ma-reimburse ka, ang iyong asawa o partner, at ang mga dependent mo para sa iba't ibang gastos na nauugnay sa kalusugan, para sa mga bagay tulad ng:

- Mga premium at copayment sa insurance sa kalusugan
- Ang gastos sa mga pagpapatingin sa doktor, o mga pagpapatingin para sa kalusugan ng ngipin o paningin
- Mga inireresetang gamot at mga over-the-counter (OTC) na gamot
- Mga produkto at serbisyong nauugnay sa kalusugan tulad ng mga smartwatch, acupuncture, air purifier, band-aid, at marami pang iba

Paano Gumagana ang SF MRA



Idinedeposito ng employer na nakikibahagi sa programa ang mga pondo sa SF City Option para sa kwalipikadong manggagawa.



Bibigyan ka ng iyong employer ng Abiso sa Kumpirmasyon ng Pagbabayad para sa Pangangalagang Pangkalusugan upang ipaalam sa iyo ang depositong ginawa nila.



Magsumite ng form ng Pagpapatala sa SF MRA para maaprubahan para sa SF MRA. Maaari mong simulang gamitin ang iyong mga pondo sa loob ng 1–3 linggo pagkatapos mong magpatala sa SF MRA.



Magsumite ng claim para sa reimbursement sa HealthEquity/ EZ Receipts para maibalik sa iyo ang perang ibinayad mo sa mga kwalipikadong gastos sa kalusugan mula sa mga pondo sa iyong SF MRA. Puwede kang gumawa ng online account sa aming partner para sa mga claim na HealthEquity/EZ Receipts.



Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa bawat hakbang sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na sfcityoption.org/tl/sfmra.



Pag-access ng iyong Mga Pondo sa SF MRA

Dapat ka munang magpatala sa SF MRA sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form ng Pagpapatala sa SF MRA bago mo magamit ang anumang pondo na idineposito para sa iyo. Kung ikaw ay hindi pa nakatala sa SF MRA, tumawag sa Customer Service Representative ng SF MRA sa **1(877) 772-0415** para magpatala.

Pag-set up ng Online Access sa SF MRA

Pagkatapos mong magpatala sa SF MRA, ang susunod na hakbang ay i-set up ang isang online account sa aming mga kasosyo sa claim na HealthEquity/EZ Receipts.

Bisitahin ang **sfmra.org/onlineaccount**. Kakailanganin mong magbigay ng ID code, na huling 4 na digit ng iyong SF MRA account number. Ang iyong SF MRA account number ay natatanging ID na nagsisimula sa **910******* na itinalaga sa iyo sa welcome letter ng SF MRA para sa iyo.

Tawagan ang HealthEquity/EZ Receipts sa **1(866) 697-6078** para sa iyong account number ng SF MRA o tulong sa pag-set up ng iyong online access.

Pakitandaan: Kailangan mong maghintay nang 1–3 linggo pagkatapos mong magpatala bago mo i-set up ang iyong online account.

Gamit ang Online Account, Magagawa Mong:

- Tingnan ang balanse ng mga pondo na available sa iyong account
- Walang kahirap-hirap na maghain ng claim para sa reimbursement at tingnan ang status ng claim
- Tingnan at i-download ang mga mapagkukunan ng SF MRA
- Mag-sign up upang matanggap ang iyong reimbursement sa pamamagitan ng direct deposit



Upang i-set up ang iyong online account, bisitahin ang: **sfmra.org/onlineaccount**

Pag-reimburse

MAY 4 NA PARAAN PARA MAGHAIN NG CLAIM:



ONLINE

- Mag-log in sa iyong HealthEquity/EZ Receipts online account sa **sfmra.org/onlineaccount**
- Sagutan ang form ng claim at i-upload ang iyong mga resibo o invoice online



MOBILE APP

- I-download ang libreng **“EZ Receipts”** app mula sa Google Play Store o Apple App Store
- Mag-log in sa iyong online na account sa pamamagitan ng app at punan ang form ng paghahabol
- I-upload ang iyong mga larawan ng resibo o invoice
- I-click ang **“Isumite ang Claim”** upang ipadala ang inyong claim



FAX

- I-fax ang iyong nakumpletong form ng claim at (mga) resibo sa **1(866) 599-3058**



KOREO

- Ipadala ang iyong nakumpletong form sa pag-claim at (mga) resibo sa address na ito:
Claims Administrator
PO Box 14857
Lexington, KY 40512

Mabilis at madaling bawiin ang perang ibinayad mo para sa iyong mga kwalipikadong gastos sa kalusugan. Itabi ang iyong mga resibo para sa mga gastusing binayaran mo. Upang mabawi ang perang ibinayad mo, kakailanganin mong isumite ang mga record na naglalaman ng impormasyong ito:

- Pangalan ng provider o kompanya
- Deskripsyon ng (mga) produkto o (mga) serbisyo
- Petsa kung kailan ibinigay ang (mga) produkto o (mga) serbisyo
- Halagang binayaran (ang iyong bahagi sa bayad)
- Pangalan ng taong kumukuha ng serbisyo (kapag naaangkop ito)

Kung maaprubahan ang iyong claim:

Mababawi mo ang ibinayad mo sa pamamagitan ng tseke. O, kung nagpatala ka sa direktang deposito, mula sa iyong online account, ipapadala ang mga pondo mo sa iyong account sa bangko sa loob ng 3–5 araw ng negosyo.



Para mag-download ng form ng mga claim, pumunta sa:
sfmra.org/tl/submitclaim

O tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SF City Option sa **1(877) 772-0415** at magpapadala kami sa iyo ng form sa pamamagitan ng koreo.

Mga Gastos na Kwalipikado para sa Reimbursement

Mababawi mo ang ibinayad mo para sa maraming gastos na nauugnay sa kalusugan. Ang mga gastos para sa kalusugan na dulot ng diagnosis, pangangalaga, paggamot, pagpapabuti ng kalagayan, o pag-iwas sa isang sakit o karamdaman ay itinuturing na kwalipikadong gastos.

Narito ang listahan ng ilang kwalipikadong gastos sa pangangalagang pangkalusugan:

Mga Pamamaraan sa Medikal at Kagalingan

- Acupuncture
- Mga Paggamot sa Pagkalulong sa Alak
- Chemotherapy
- Mga Bayad sa Doktor
- Mga Paggamot sa Pagkalulong sa Droga
- Mga Paggamot sa Hindi Magkaanak

- Mga Bakuna sa Trangkaso
- Mga Screening ng Kalusugan
- In-vitro fertilization
- Occupational Therapy
- Mga Organ Transplant
- Mga Eksaminasyon sa Pisikal
- Physical Therapy
- Radiation Therapy

- Therapy sa Pagsasalita
- Operasyon (hindi pampaganda)
- Mga Pagbabakuna (mga shot)
- Mga Bayarin sa Vasectomy/ Paghahatiang Gastos

Mga Bayaring Nauugnay sa Insurance

- Mga Co-pay
- Mga Deductible
- Mga Premium sa Insurance sa Kalusugan
- Mga Bayarin ng Kalahok (Participant Fees) sa Healthy San Francisco

Mga Produktong Pangkalusugan at Kagalingan

- Pansubaybay ng Aktibidad
- Gamot sa Allergy
- Mga Lotion sa Pangangati

- Mga Gamot sa Hika
- Pagkontrol sa Pagbubuntis
- Gamot sa Sipon at Trangkaso
- Mga Gamot sa Butlig sa Labi/ Pamamaga sa Labi
- Gamot sa Ubo
- Mga Gamot na Pantanggal ng Plema
- Paggamot sa Diaper Rash
- Mga Pampatak sa Mata
- Mga face mask
- Insulin
- Mga Supplement para sa Lactose Intolerance
- Gamot sa Migraine
- Mga Nicotine Patch at Gum
- Mga Inireresetang Gamot



Mga Gastos na Kwalipikado para sa Reimbursement (ipinagpatuloy)

- Pampaginhawa sa Balat na Nasunog sa Araw
- Sunscreen
- Mga Bitamina at Mineral

Kagamitang Medikal

- Mga Pansuporta sa Tiyan/Likod
- Mga Artipisyal na Braso/Binti/Prosthetics
- Mga Benda
- Mga Monitor sa Presyon ng Dugo
- Mga Test Kit/Strip para sa Asukal sa Dugo
- Mga Saklay
- Mga Supply para sa Diabetic

- Mga Fiber Supplement
- Mga First Aid Kit
- Mga Monitor para sa Puso
- Mga Pad na Pampainit
- Mga Mainit/Malamig na Pakete
- Mga Orthopedic na Sapatos
- Kagamitang Oxygen
- Mga Heringgilya
- Mga Thermometer
- Mga Wheelchair

Mga Serbisyo sa Ngipin

- Mga Brace at Iba pang Orthodontics
- Mga Bridge
- Mga Crown
- Mga Bayad sa Dentista
- Mga Pustiso

- Mga Pagpapabunot
- Mga Pasta ng Ngipin
- Paggamot ng gilagid
- Operasyon sa bibig
- Mga root canal
- Paglilinis ng mga Ngipin
- Mga X-ray

May Kaugnayan sa Pandinig

- Mga Pantulong sa Pandinig at mga Baterya
- Mga Eksaminasyon ng Pandinig

Mga Serbisyo sa Paningin

- Mga Contact Lens at Cleaning Solution
- Mga Operasyon sa Mata
- Mga Eksaminasyon ng Mata
- Mga Salamin sa Mata
- Mga LASIK/Laser Eye Surgery

- Bayad sa Optometrist/Optician
- Inireresetang Sunglasses

Mga Eksaminasyon/Pagsusuri sa Laboratoryo

- Mga Pagsusuri ng Dugo
- Mga Scan sa Katawan
- COVID Antigen at PCR tests
- Pagsusuri ng Kolesterol
- Mga mammogram
- Mga MRI
- Rapid COVID test
- Mga Pap Smear
- Pagsusuri ng Ihi/Dumi
- Mga X-ray

Iba Pa

- Mga Serbisyo ng Ambulansya
- Mga Bayad para sa Serbisyo ng Ospital at Kuwarto



I-scan ang QR code sa ibaba para sa buong listahan ng mga kwalipikadong gastusin.

Kung may tanong ka tungkol sa isang espesipikong gastusin, tumawag sa HealthyEquity/EZ Receipts sa **1(866) 697-6078** o mag-email sa **info@sfcityoption.org**.



Mga Madalas na Itanong

MGA TANONG TUNGKOL SA ACCOUNT

Ano ang aking account number?

Ang iyong SF MRA account number ay isang natatanging ID na nagsisimula sa **910******* na ibinigay sa iyo ng SF City Option. Gamitin ang huling apat na digit ng iyong account number (ID Code) kapag nagsumite ka ng mga claim. Tumawag sa Customer Service ng SF City Option sa **1(877) 772-0415** kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong account number.

Maaari ko bang ilabas ang pera sa aking SF MRA?

Hindi, puwede mo lang gamitin ang iyong mga pondo sa SF MRA sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga claim para sa reimbursement ng mga kwalipikadong gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang aking kasalukuyang balanse sa SF MRA?

Tawagan ang aming kasosyo sa claim na EZ Receipts/HealthEquity sa **1(866) 697-6078**. Maaari mo ring tingnan ang iyong balanse sa account sa **sfmra.org/onlineaccount**.

Paano ko papalitan ang aking address, numero ng telepono, o email address?

Tumawag sa Customer Service ng SF City Option sa **1(877) 772-0415**.

Magagamit ba ang mga pondo ng SF MRA kahit sa pagkamatay mo?

Maaaring magamit ang mga pondo ng SF MRA pagkamatay ng kalahok. Tumawag sa Customer Service ng SF City Option sa **1(877) 772-0415** para sa suporta.

MGA TANONG SA PAGHAHABOL

Gaano katagal sa nakaraan ang maaari kong i-claim para sa reimbursement?

Maaaring maibalik ang perang ibinayad mo para sa mga kwalipikadong serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natanggap o mga item sa pangangalagang pangkalusugan na binili noong o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong SF MRA (petsa kung kailan na-clear sa aming system ang unang pagbabayad ng employer para sa iyo). Kung kailangan mong alamin ang iyong petsa ng pagkakaroon ng bisa, tawagan ang Customer Service ng SF City Option sa **1(877) 772-0415**.

Maaari ko bang gamitin ang aking SF MRA para maibalik ang ibinayad ko para sa mga premium sa insurance sa kalusugan?

Oo, kwalipikado ang mga premium sa insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng SF MRA. Nalalapat ito sa insurance sa kalusugan na binili sa pamamagitan ng Covered California o iba pang marketplace ng insurance sa kalusugan.

Mayroon bang pinakamalaking bilang o halaga ng mga claim na maaari kong hilingin bawat taon?

Hindi, puwede kang magpadala ng kahit ilang claim na kailangan mo. Babayaran ka hanggang sa halaga ng available na balanse sa account.

Maaari ba akong magpadala ng claim na mas malaki kaysa sa available na pondo sa aking SF MRA?

Oo, ang mga claim ay binabayaran hanggang sa halagang available na balanse sa account.

Mayroon bang pinakamababang halaga ng claim?

Wala, maaari kayong magpadala ng claim na kasing baba ng \$0.01 at makakuha ng reimbursement kung maaprubahan ang claim.

Gaano katagal bago ko mabawi ang perang ibinayad ko sa mga kwalipikadong gastos sa kalusugan?

Ang mga claim ay kadalasang pinoproseso sa loob ng 3 hanggang 5 araw ng trabaho.

MGA TANONG NG EMPLOYER

Ano Ang Mangyayari Kapag Umalis Ako sa Employer Ko?

Kung aalis ka sa iyong kasalukuyang employer sa anumang dahilan, ang iyong mga pondo ng SF MRA ay mananatiling available basta panatilihin mong aktibo ang account mo.

Nagdeposito ang aking employer. Kailan ko makikita ang mga pondo sa aking SF MRA?

Magiging available ang mga pondo sa iyong SF MRA sa loob ng 1 hanggang 3 linggo pagkatapos ng bawat pagbabayad ng employer sa programa.

Para sa iba pang tanong, bisitahin ang aming seksyong Mga FAQ sa **sfmra.org/tl/faqs**.

Ano Pa ang Dapat Malaman Tungkol sa SF MRA

Ang Privacy Mo

Mananatiling pribado at hindi ibabahagi ang iyong impormasyon sa imigrasyon o pulis, kahit na ginamit mo ang iyong SF MRA account online o sa smartphone sa pamamagitan ng app.

Ang Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Iyong SF MRA

Ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong SF MRA ay ang petsa kung kailan na-clear sa aming system ang unang pagbabayad ng employer para sa iyo. Maaari kang magsumite ng mga claim para sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan na nangyari mula sa petsang ito.

Pagpapanatiling Aktibo ng Iyong Account

May panuntunan ang Lungsod at County ng San Francisco na isara ang mga account na walang aktibidad pagkalipas ng tatlong taon. Ang mga halimbawa ng bagong aktibidad sa account ay pagtapos ng iyong pagpapatala sa SF MRA, pagtanggap ng bagong deposito, o paghahain ng claim para sa reimbursement.

Panatiliing Ligas ng Iyong Account

Iwasan ang mga scam at panatiliing ligas ang iyong mga pondo para sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga simpleng hakbang na ito.

Huwag kailanman ibahagi ang iyong:

- Online na username at password

- Account number
- Bank account number

Kung mayroon kang anumang isyu, tumawag sa **1(877) 772-0415** para sa libre at kumpidensyal na tulong para sa mga claim.

Gastusin ang Iyong mga Pondo

Upang matulungan kang maiwasan ang pagsasara ng account dahil sa kawalan ng aktibidad, ang ilang komunikasyon tungkol sa SF MRA ay may nakasaad dapat na “Petsa Kung Hanggang Kailan Mo Puwedeng Gastusin ang Iyong Mga Pondo.” Ang petsang ito ay tatlong taon pagkatapos ng iyong huling aktibidad sa account. Ang petsang ito ay nagre-reset kada may bagong aktibidad sa iyong account.

Mga Admin Fee

Ang pagproseso ng mga claim ay ginagawa ng aming kasosyo, ang HealthEquity/EZ Receipts. May \$3.15 na bayad pang-administratibo na kinakaltas mula sa iyong SF MRA bawat buwan, kahit na hindi mo ginamit ang iyong SF MRA sa buwan na iyon. Ang bayad pang-administratibo ay binabayaran sa HealthEquity/EZ Receipts para sa kanilang mga serbisyo. Ang mga bayad pang-administratibo ay hindi kinakaltas kung ang balanse ng iyong account ay mas mababa sa \$3.15.

Mga Pahayag ng SF MRA

Makakatanggap ka ng SF MRA statement sa pamamagitan ng mail o email nang hanggang apat na beses kada taon para ipaalam sa iyo ang balanse ng iyong account. Makakatanggap ka rin ng abiso sa pamamagitan ng email o mail sa tuwing may mga bagong pondo na idedeposito

sa iyong account. Ang HealthEquity/EZ Receipts, na aming partner para sa mga claim, ang nagbibigay ng mga statement sa pamamagitan ng email kung mayroon kang na-set up na online account sa kanila.

Mga Notipikasyon sa Email

Kung magbibigay ka ng email address kapag nag-sign up ka para sa SF MRA, makakatanggap ka rin ng mga pabatid sa pamamagitan ng email. Kabilang sa mga pabatid na ito ang:

- Kumpirmasyong naipadala mo na ang iyong claim
- Paliwanag ng mga benepisyo kapag naaprubahan o tinanggihan ang iyong claim
- Kumpirmasyong naipadala na ang bayad sa reimbursement na ipinadala ng SF MRA sa pamamagitan ng direct deposit o tseke
- Nagpapadala ng mga statement ng balanse sa SF MRA nang hanggang apat na beses kada taon sa pamamagitan ng email
- Abiso sa bagong deposito sa SF MRA

I-update ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Upang matiyak na may access ka sa mga pondo, mga update sa programa, at iba pang mahalagang komunikasyon, palaging i-update ang iyong:

- Address
- Numero ng telepono
- Email address

Maaari mong i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan online sa **sfmra.org/onlineaccount** o tumawag sa SF City Option Serbisyo sa Customer sa **1(877) 772-0415**.

Kailan dapat tumawag sa HealthEquity/EZ Receipts

Ang HealthEquity/EZ Receipts ay ang aming partner company na nangangasiwa sa mga claim at reimbursement sa SF MRA para sa SF City Option.

Kailan dapat tumawag sa HealthEquity/EZ Receipts:

- Para sa lahat ng tanong tungkol sa proseso ng mga claim at reimbursement
- Para tingnan ang status ng iyong claim
- Para sa mga tanong tungkol sa pag-access sa online account. Halimbawa, kung nagpatala ka sa SF MRA pero hindi ka makapag-sign up para sa online account.
- Para tingnan ang iyong balanse sa SF MRA. Kung wala kang access sa online account, maaari kang tumawag sa HealthEquity/EZ Receipts upang alamin ang balanse ng iyong account.

Makipag-ugnayan sa HealthEquity/
EZ Receipts sa **1(866) 697-6078**.



Maaari mo ring tingnan ang
iyong balanse sa account sa
sfmra.org/onlineaccount.

Kailan dapat makipag-ugnayan sa SF City Option

Ang SF City Option ang nangangasiwa sa pagpapatala at paggamit ng benepisyong pangkalusugan na SF MRA para sa Lungsod at County ng San Francisco.

Kailan dapat makipag-ugnayan sa SF City Option:

- Upang baguhin ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, gaya ng iyong mailing address
- Upang tingnan kung nakatala ka sa SF MRA
- Para sa tulong sa pagsusumite ng iyong Form ng Pagpapatala sa SF MRA

Makipag-ugnayan SF City Option sa
1(877) 772-0415 o
info@sfcityoption.org.

Ibinibigay din sa iyo ng aming website ang lahat ng impormasyong kailangan mo upang magamit ang iyong SF MRA, gaya ng:

- Paano mabawi ang ibinayad sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan
- Kumpletong listahan ng mga kwalipikadong gastusin
- Mas marami pang resource sa SF MRA na maaaring tingnan at i-download

Bisitahin kami sa **sfmra.org**.





SFMRA

YOUR ACCOUNT FOR HEALTH COSTS

Mga Madudulugan at Importanteng Kontak

Online Account
**[sfmra.org/
onlineaccount](https://sfmra.org/onlineaccount)**

**Impormasyon
ng Programa**
sfmra.org

**HealthEquity/
EZ Receipts
Customer Service**
1(866) 697-6078

Isumite ang mga SF MRA Claim

KOREO
Claims Administrator
P.O. Box 14857
Lexington, KY 40512

ONLINE
**[sfmra.org/
onlineaccount](https://sfmra.org/onlineaccount)**

MOBILE APP
EZ Receipts
sfmra.org/mobileapp

FAX
1(866) 599-3058

